

Pagpapanatiling Nasa Labas ang mga Peste

Paglilinis ang pinakamahusay na paraan ng pagpapanatiling nasa labas ng iyong bahay ang mga peste. Mahalagang gumawa ng kaunting paglilinis araw-araw, upang mapanatiling malinis at tuyo ang iyong bahay, at madalas na itapon ang basura. Para kumilos ngayon na pigilan ang mga pesteng tulad ng mga ipis, langgam, at daga nang hindi gumagamit ng pamatay-peste, dapat mong gawin ang mga sumusunod:



- **Panatilihing malinis ang kusina:** Kahit ang maliliit na mumo o likido sa mga bitak ay maaaring maging pagkain para sa mga peste. Tiyaking malinis ang mga counter top at sahig araw-araw.
- **Huwag hayaang makapasok ang mga peste:** Takpan ang mga pasukan sa mga dingding para hindi makapasok ang mga peste sa iyong bahay.
- **Huwag pakainin ang mga peste:** Itabi ang lahat ng pagkain kapag tapos ka nang kumain. Linisin pagkatapos mo at takpan ang basurahan. Dapat mo ring itago ang iyong pagkain sa mga selyadong lalagyan.
- **Huwag bigyan ng tubig ang mga peste:** Ayusin ang mga tagas at punasan ang natapong tubig para hindi ito inumin ng mga peste.
- **Huwag bigyan ng tirahan ang mga peste:** Alisin ang mga lumang diyaryo, kahon, at iba pang mga kalat sa kusina, banyo, at iba pang silid sa iyong bahay, para hindi makagawa ng tirahan ang mga peste.
- **Tingnan kung may mga palatandaan ng ipis at iba pang peste:** kasama sa mga palatandaang ito ang:
 - Mga insekto sa bahay - tingnan kung may mga insekto, patay man ito o buhay
 - Mga dumi ng peste - tingnan kung may maliliit at kulay kayumangging ipot
 - Mga palatandaan ng mga namamahay na daga - tingnan kung may pira-pirasong papel at tumpok ng basura
 - Mga kakaibang amoy at tunog - pakinggan kung may mga tunog ng mga daga na kumukutkot sa mga dingding o amoy ng ihi

Sa Palagay Mo May mga Peste sa Inyo? HUMINGI NG TULONG!

Sabihin sa sumusuporta sa iyo: Huwag mahiya. Puwede itong mangyari sa kahit na sino. Sabihin sa kanila, at/o ipakita sa kanila, ano ang nakita, narinig, o naamoy mo. Kung ikaw ang nangungupahan, sabihin sa landlord! Malamang apektado rin ang mga nakatira sa ibang apartment. Gugustuhin ng landlord na tiyaking hindi kakalat ang mga peste. Kumilos agad! Puwedeng lumala ang sitwasyon!

Kumusta naman ang paggamit ng mga kemikal? Gawin mo ang lahat ng magagawa mo na hindi magkaroon ng mga peste - at para maalís ang mga peste - nang hindi gumagamit ng mga nakalalasong kemikal. Kung hindi mo maiwasan ang

Tip Sheet

mga kemikal na pangkontrol ng peste, **HUWAG GAMITIN ANG MGA ITO NANG WALANG TULONG!**